REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

KAUTUSANG PANGLUNGSOD BLG. 95-49

# KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGTATADHANA NG ALITUNTUNIN NA LAHAT NG KONTRATA NA PAPASUKAN NG PUNONGLUNGSOD AY KAILANGAN ANG NAUNANG PAGPAPAHINTULOT AT PAGSANG- AYON NG SANGGUNIANG PANGLUNGSOD.

****************************************************************************

Ipinanukala ni : **Kgg. Dante S. Almario**
Kasamang nagpanukala : **Kgg. Rufino B. Joaquin**

****************************************************************************

**SAPAGKAT**, bawat yunit ng Pamahalaang lokal ay kinakailangang gumamit ng kapangyarihang tuwirang ipinagkaloob, iyong mga ipinahihiwatig dito, gayun din ang kapangyarihang kinakailangang angkop o kaugnay sa mabisa at mahusay na pamamahala, at iyong mahalaga sa pagtataguyod ng pangkalahatang kagalingan ( Sec. 16, LocaL Government Code of 1991);

**SAPAGKAT**, ang paggamit ng pangkalahatang superbisyon at kontrol sa lahat ng programa, proyekto, serbisyo at mga gawain ng Pamahalaang Lungsod ay ipinagkaloob sa Punonglungsod alinsunod sa Sec. 445 (b) (1) ng Local Government Code of 1991 at Seksiyon 9 (a) (6) ng Batas Republika Blg. 7926;

**SAPAGKAT**, ang Punonglungsod, sa paggamit ng pangkalahatang superbisyon at kontrol ay may kapangyarihang kumatawan sa lungsod, sa lahat nitong transaksiyong pang-negosyo at lumagda sa pamamagitan nito sa lahat ng "bond", kontrata, obligasyon, at iba pang dokumento;

**SAPAGKAT**, ang kapangyarihang ipinagkaloob ng batas sa Punonglungsod bilang kinatawan ng lungsod sa mga transakyong ito ay nangangailangan ng pangsang-ayon ng Sangguniang Panglungsod alinsunod sa Sek. 455 (b) (1) (VI) at Sek. 9 (a) (6) ng Batas Republika Blg. 7926;

**SAPAGKAT**, idinidiin ng probisyon ng Seksiyon 22 (c) ng Local Government Code of 1991 na walang kontrata ang maaariing pasukan ng Punonglungsod kung walang naunang pagpapahintulot ng Sangguniang Panglungsod;

**NGAYON, DAHIL DITO**, pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na ipatupad ang itinatadhana ng probisyon ng Seksiyon 22 (c) at Sek. 455 (b) (i) (VI) ng Local Government Code of 1991 na lahat ng kontrata ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay kailangang naaayon sa mga sumusunod na alituntunin :

**SEKSIYON 1**. - Ang kautusang ito ay sumasaklaw sa mga sumusunod na kontrata ng Pamahalaang Lungsod:

a. Mga proyektong imprastruktura na ang halaga ng kontrata ay mula P500,000.00 pataas.

b. Karagdagang gagawin (variation order/change order/ Additional work order) sa proyekto na hindi kasama sa pangunahing kontrata (main contract) na ang halaga ay hihigit sa dalawangpung bahagdan (20 %) ng nasabing kontrata

c. Mga kontrata tungkol sa "bonds", mga "obligations" na nangangailangan ng pagpapalabas ng pondo at pagpapa-upa ng mga gusali at anumang lupain ng Pamahalaang Lungsod at pag-upa ng mga pribadong gusali at lupain magkano man ang halaga nito.

**SEKSIYON 2**. - KONTRATA SA MGA PROYEKTONG IMPRASTRUKTURA - Tatlong araw (3) matapos lagdaan ng Punonglungsod ang "Notice of Award", ang kontrata (o "draft" contract) ay ipadadala sa Sangguniang Panglungsod. Ito ay ilalakip sa kahilingan na pagkalooban ng kapangyarihan na kumatawan at lumagda para sa Pamahalaang Lungsod. Kung sa loob ng tatlumpung araw (30), matapos matanggap, ang Sangguniang Panglungsod ay walang ginawang aksiyon, ito ay mangangahulugan na ang kailangang kapangyarihan ay naibigay na.

**SEKSIYON 3**. - Kung ang kontrata ay tungkol sa "bond", "obligations" at iba pang uri ng bayarin, ang sinundang probisyon ay maaaring sundin.

**SEKSIYON 4**. - KARAGDAGANG PAPELES/DOKUMENTO. - Ang sulat-kahilingan na ipadadala sa Sangguniang Panglungsod ay dapat kalakip ang mga sumusunod:

a. "Abstract of Bids", at
b. "Resolution of Award"

**SEKSIYON 5**. - Anumang proyektong imprastruktura na ipagagawa o gamit ng tanggapan na bibilihin ay hindi dapat hati-hatiin o paghiwa-hiwalayin sa iba't - ibang kontrata (no splitting of contract ).

**SEKSIYON 6**. - Lahat ng kontrata o kasunduan na lalabag sa kautusang ito ay walang bisa.

**SEKSIYON 7**. - Kung sa anumang kadahilanan, alinmang bahagi o probisyon ng kautusang panglungsod na ito ay pinawawalang bisa, ang ibang bahagi o probisyon nito na hindi naapektuhan ay magpapatuloy na may bisa.

**SEKSIYON 8**. - Ang kautusang panglunsod na ito ay magkakabisa kaagad.

**Isinabatas** ngayong ika - 11 ng Disyembre, 1995 sa ginanap na ika - 21 Regular na Sesyon sa Silid Pulungan ng People's Center.

SINANG-AYUNAN :

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 •842-6196 •842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD



KGG. MELCHOR R. TEVES

KGG. DANTE S. ALMARIO

KGG. RAFAEL R. ARCIAGA

KGG. VICTOR L. ULANDAY

KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.

KGG. JO JASON T. ALCARAZ

KGG. REY E. BULAY

KGG. ROMAN E. NIEFES

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ

KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.

KGG. RUFINO B. JOAQUIN

KGG. VICENTE Y. CHUA

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.

PINATUTUNAYAN :

NECITO M. GUICO
Pansamantalang Kalihim
SANGGUNIANG PANLUNGSOD

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod

1/17/96